



# COUNTY OF LOS ANGELES DEPARTMENT OF MEDICAL EXAMINER



📍 1104 NORTH MISSION ROAD, LOS ANGELES, CA 90033  
📞 (323) 343-0512: (Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.)  
(323) 343-0714: (24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo)

🌐 [me.lacounty.gov](http://me.lacounty.gov)

✉️ [info@me.lacounty.gov](mailto:info@me.lacounty.gov)

*Ipinapabatid namin ang aming taos-pusong pakikiramay sa iyo at sa iyong pamilya sa pagkawala ng inyong mahal sa buhay. Umaasa kami na ang impormasyong ito ay makakatulong sa inyong kalungkutan at masasagot ang mga tanong tungkol sa proseso ng pagsusuri ng katawan at tungkulin ng Medical Examiner.*

## **Tungkulin ng Kagawaran ng Medical Examiner:**

Ang Kagawaran ng Medical Examiner ay isang independiyenteng entidad, hiwalay sa anumang ahensya sa pagpapatupad ng batas. Sinusuri namin ang mga pagkamatay na naganap sa loob ng County ng Los Angeles, at nangyari nang biglaan, hindi inaasahan, o marahas, o kung ang namatay ay hindi natingnan kamakailan ng isang doktor (California Government Code 27491). Sa pamamagitan ng forensic investigation at siyentipikong pamamaraan, nag-aalok kami ng mga walang-kinikilingan pagtukoy ng sanhi at paraan ng pagkamatay.

## **Pagkilala sa Iyong Mahal sa Buhay:**

Ang pagkilala sa visual na paraan ay isinasagawa sa lokasyon ng kamatayan sa pamamagitan ng paghahambing ng imbestigador gamit ang isang ID. Sa ilang kaso, ang positibong pagtukoy ay maaaring mangailangan ng mga karagdagang prosesong forensic tulad ng paghahambing ng fingerprint, dental o x-ray, mga medikal na implant o device, DNA, o antropolohiya. Hindi kami nagbibigay ng mga serbisyo sa pagsilip sa bangkay. Mangyaring makipag-ugnayan sa direktor ng punerarya para sa mga opsyon sa pagtingin sa bangkay sa punerarya.

## **Pagsusuri ng Katawan:**

Ang deputy medical examiner ay nagsasagawa ng pagsusuri ng katawan at pinag-aaralan ang mga pangyayari at kasaysayang medikal upang matukoy ang sanhi at paraan ng pagkamatay. Ang mga maliit na specimen (mga biopsy) ng mga panloob na organ, at ang mga sample ng mga likido sa katawan (body fluids) ay maaaring itabi at suriin para sa mga gamot/droga at iba pa. Paminsan-minsan, ang malalaking bahagi ng mga tisyu, o kahit na buong mga organ, ay maaaring itabi para sa karagdagan o espesyal na pagsusuri, kung kinakailangan. Sa ilang kaso, ang internal na pagsusuri ay hindi kinakailangan upang matukoy ang sanhi at paraan ng pagkamatay.

Ang mga nakalap na impormasyon sa pagsasagawa ng forensic death investigation ay maaaring magtagal nang ilang linggo o higit pa kung kakailanganin ng mga espesyal na pag-aaral sa laboratoryo upang matukoy ang sanhi ng pagkamatay. Maliban sa pagtulong sa pagtukoy ng sanhi ng pagkamatay, ang mga resultang ito ay maaaring maging mahalaga sa mga kasong sibil o kriminal. Ang mga ganitong antala ay hindi dapat humadlang sa pagpapalabas ng katawan sa pinakamalapit na legal na kamag-anak upang bigyang-daan ang paglibing.

## **Postmortem Toxicology Testing:**

Ang postmortem toxicology testing ay isang proseso na may maraming hakbang, hindi isang test na ginagamitan lang ng isang instrumento gaya ng nakikita sa klinikal na setting at maaaring tumagal nang mula tatlo hanggang anim na buwan bago makumpleto. Ang mga postmortem sample ay kino-coagulate at nangangailangan ng mga hakbang sa pagkuha bago magamit ang isang sample sa isang instrumento. Ang bawat klase ng mga gamot ay nangangailangan ng paggamit ng maraming instrumento upang masuri ang sample. Kung mas maraming gamot ang matagpuan sa sistema ng yumao, mas matagal ang magiging proseso ng pagsusuri. Ito ang karaniwang proseso para sa lahat ng forensic postmortem toxicology testing.

## **Relihiyosong Pagtutol sa Autopsy:**

Tinutukoy ng mga deputy medical examiner ang pangangailangan para sa autopsy. Mangyaring makipag-ugnayan kaagad sa imbestigador kung sa tingin mo ay salungat sa relihiyosong paniniwala ng yumao ang autopsy, at ikaw ay tutol sa autopsy. Makikipagtulungan kami sa iyo upang subukan at matugunan ang iyong kahilingan, hanggang sa kaya naming tuparin ang aming mga legal na obligasyon (California Government Code 27491.3).

## **Ari-arian ng Yumao:**

Maaaring i-claim ng pinakamalapit na legal na kamag-anak ang karamihan sa mga personal na ari-arian ng isang yumao na nasa aming kustodiya. Ang mga dokumento mula sa gobyerno, tulad ng mga lisensya sa pagmamaneho at pasaporte, ay dapat ibalik sa ahensyang nagbigay para sa disposisyon. Upang kunin ang ari-arian ng yumao, mangyaring bisitahin ang Kagawaran ng Medical Examiner sa 1104 N. Mission Rd., Los Angeles, Lunes hanggang Huwebes, mula 10:00 a.m. hanggang 4:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring tawagan ang Property Section sa numerong (323) 343-0515.

## **Mga Panghuling Ulat:**

Ang mga panghuling ulat ay ang mga dokumentong nagpapaliwanag kung bakit namatay ang isang tao. Mangyaring malaman na ang pagtukoy ng sanhi at paraan ng pagkamatay ay maaaring tumagal nang ilang araw hanggang ilang buwan depende sa mga kaganapan na pumapaligid sa pagkamatay. Hindi kami awtomatikong nakikipag-ugnayan sa mga pinakamalapit na legal na kamag-anak upang ibigay ang mga resulta ng aming imbestigasyon dahil batid namin na maaaring hindi mo gustong talakayin ang sanhi ng pagkamatay.

Kung gusto mong talakayin ang mga resulta, mangyaring tawagan kami sa (323) 343-0518 upang mag-iskedyul ng appointment sa isang deputy medical examiner na maaaring magtalakay ng sanhi. Mangyaring bumili ng kopya ng panghuling ulat online sa [me.lacounty.gov](http://me.lacounty.gov) o tawagan ang aming Records Section sa (323) 343-0695.

### **Mga Sertipiko ng Kamatayan:**

Hindi kami nag-iisyu ng mga sertipiko ng kamatayan. Maaaring makuha ang mga sertipikadong kopya mula sa Vital Records:

- Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (60 araw mula sa pagkamatay): (213) 288-7816
- Registrar-Recorder: (800) 201-8999

Minsan, ang pag-isyu ng panghuling sertipiko ng kamatayan ay maaaring maantala, o "ipagpaliban," habang naghihintay ng karagdagang imbestigasyon, tulad ng pagsusuri ng mga medikal na rekord o ulat ng pulisya o habang naghihintay ng karagdagang forensic testing. Ang pag-aayos ng libing ay hindi kailangang maantala, at ang yumao ay maaaring ilibing o i-cremate pagkatapos ng pagsusuri, kahit na ang sanhi at paraan ng pagkamatay ay nakabinbin. Maaaring gabayan ka ng direktor ng punerarya sa mga pagsasaayos at mga tanong tungkol sa sertipiko ng kamatayan.

---

### **Mga Beterano:**

Ang mga taong nagsilbi sa Sandatahang Lakas, marangal na pinalabas, at nakakatugon sa iba pang mga kinakailangan sa serbisyo ay maaaring may karapatan sa paglilibing ng isang beterano. Para sa impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa County ng Los Angeles Military and Veteran's Affairs Office sa (213) 765-9681. Para sa higit pang mga detalye sa mga beterano o mga benepisyo ng Social Security, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong direktor ng punerarya.

---

### **Mga Bayarin sa Transportasyon:**

Inaatasang i-assess ng County ang ilang partikular na bayarin para sa transportasyon at pag-aasikaso sa yumao. Maaari ka naming singilin para sa mga serbisyong ito, maliban kung ito ay pagkamatay ng isang beterano, isang bata (14 na taon o mas bata pa), o isang biktima ng homicide. Mangyaring magbigay ng dokumentasyon ng nakapirming kita kung hindi mo mabayaran ang gastos at nais mong hilingin na i-waive ang mga bayarin. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa (323) 343-0572.

---

### **Privacy ng Data at Pagpapalabas ng Impormasyon:**

Sa California, ang sanhi at paraan ng pagkamatay ng isang yumao, pati na rin ang ulat ng pagsusuri, ay itinuturing na pampublikong rekord (California Government Code 6253) at maaaring makuha ng mga media outlet at ng publiko. Ang mga pampublikong rekord ay nagbibigay-daan para sa transparency sa pagpapanagot sa pamahalaan at iba pang mga ahensya at tumutulong sa pagtatakda ng priyoridad para sa mga komunidad. Mangyaring malaman na ang mga larawan at contact details ng mga pinakamalapit na kamag-anak ay hindi kasama sa ulat.

---

### **County Disposition (Cremation):**

Kung ang yumao ay nananatiling hindi nakikilala, ang pinakamalapit na kamag-anak ay hindi mahanap, o ayaw o hindi makagawa ng mga pagsasaayos para sa disposisyon, ipinapadala ng County ang katawan para sa cremation. Ang pamilya o mga mahal sa buhay ng namatay ay may hanggang dalawang (2) taon mula sa petsa ng cremation para kunin ang abo o labi (o cremains). Mangyaring sundin ang mga hakbang na ito:

Step 1: Ang pinakamalapit na kamag-anak ng namatay ay dapat mag-print at kumpletuhin ang mga papeles ng County Disposition, na makikita online sa [me.lacounty.gov/forms](http://me.lacounty.gov/forms). Ibalik ang mga form sa Notifications Unit ng Kagawaran sa pamamagitan ng mail, email ([notifications@me.lacounty.gov](mailto:notifications@me.lacounty.gov)), o fax sa (323) 222-0343.

Kapag naihatid na ang abo sa Los Angeles County Morgue (pinamamahalaan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan), aabisuhan ng Kagawaran ang mga pinakamalapit na kamag-anak ng namatay sa pamamagitan ng mail na ang mga abo o labi ay handa nang kunin.

Step 2: Kumuha ng permiso para sa disposisyon. Kung ang pagkamatay ay nangyari sa loob ng Los Angeles County, o sa mga lungsod ng Long Beach o Pasadena, mangyaring kunin ang iyong disposition permit mula sa kinauukulang kagawaran ng kalusugan. Makakabili ng disposition permit sa pamamagitan ng appointment sa mga sumusunod na opisina.

- Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles - (213) 288-7816
- Kagawaran ng Kalusugan ng Long Beach - (562) 570-4305
- Kagawaran ng Kalusugan ng Pasadena - (626) 744-6009

Step 3: Ipakita ang disposition permit sa County Morgue. Kakailanganin mong bayaran ang cremation fee gamit ang eksaktong cash, tseke o credit card. Ang Morge ng County ng Los Angeles ay matatagpuan sa LA County General Hospital.

- LA County General Hospital, 2051 Marengo St. IPT Bldg., 1st floor, RM C1G100, Los Angeles, 90033
- Telepono: (323) 409-7161

Step 4: Kapag natanggap na ang bayad, ibibigay sa iyo ang mga direksyon para makuha ang mga abo/labing mula sa Krematoryo/Sementeryo ng County ng Los Angeles. Ang address ay 3301 East 1st Street, Los Angeles, 90063.

---